

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Buwan ng Kasaysayan ng mga Black sa paraang birtwal sa panahon ng COVID-19**

BRAMPTON, ON (Pebrero 1, 2021) – Sa panahon ng buwan ng Pebrero, kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Buwan ng Kasaysayan ng mga Black para ipagdiwang ang hindi mabilang na pangkultura, pang-ekonomiya at mapagmalasakit na mga kontribusyon na nagagawa ng komunidad ng mga Black sa Brampton sa lungsod, lalawigan at bansa.

Para makilala ang mga indibidwal sa komunidad na nagtataguyod, nakikipaglaban at mga innovator, ang mga tao ay maaaring mag-nomina ng mga residente para sa *Award sa Paggawa ng Kasaysayan ng mga Black ni Mayor Patrick Brown*. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [www.brampton.ca/BHM2021](http://www.brampton.ca/BHM2021).

Dahil sa COVID-19, ang mga gawain at mga event ay iho-host online sa taon na ito. Kabilang sa programa ang:

- Ipinipresenta ng Sun Life Financial ang Virtual Performance Series, isang lingguhang performance series ng mga lokal na Black artist
- Black Makers Market na nagtatampok sa mga negosyong pag-aari ng Itim
- Wellness hour na iho-host ng lokal na yoga instructor na si Matthew Bonas
- Best and Black in Brampton Food Tour na iho-host ni Azalea Hart
- Panel discussion na i-oorganisa ng Brampton's Jones & Jones Productions, tungkol sa mga paksa tulad ng pananatiling mapanlikha sa panahon ng pandemya, pagnabiga sa iyong karera, Mahalaga ang mga Buhay ng mga Black at isang malakas na liderato ng Black

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lahat ng aktibidad at mga event, bisitahin ang [www.brampton.ca/BHM2021](http://www.brampton.ca/BHM2021).

### **Kumperensiya sa Politikal na Pagpapalakas sa mga Black**

Itong Kumperensiya sa Pagpapalakas sa mga Black sa Pebrero 9 at 10 ay magpipresenta ng nagbibigay-impormasyon at nakakasiglang mga pag-uusap kasama ang mga lider sa politika at mga kaalyado ng mga Black. Ang mga pag-uusap ay tutuon sa kritikal na kahalagahan ng pagbuo sa politikal na kapital ng mga Black bilang paraan ng pagsisikap tungo sa pagtanggali ng rasismo sa sistema, hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, edukasyon at corporate ngunit pinaka-higit sa lahat, hihikayat sa mga indibidwal, mga pamilya at kabataan na sumali sa arena ng politika. I-click [dito](#) para mag-register.

### **Kumperensiya sa Liderato ng Kabataan na Black**

Ang mga kabataan sa ating lungsod ay may kritikal na mga hamon na dadaigin at maraming trabaho na gagawin upang maghanda para sa tagumpay. Ang event na ito, sa Pebrero 26, mula 9 am hanggang 3:30 pm, ay isang pagkakataon para mabigyan ang mga kabataan ng isang platform para pag-usapan at ibahagi ang kanilang mga hamon, mga pag-aalala at mga pangarap. Popokus ang kumperensiya sa mga solusyon sa ilan sa kanilang mga hamon at lalahok sa dialogue para makatulong sa paghahanap ng mga paraan para masuportahan ang kanilang tagumpay. Bukod pa sa pagbibigay sa mga kabataan ng platform para makapagsalita, makikinig ang mga propesyonal at mga

tagapagsalitang pang-motibasyon. Ang kumperensya na ito ay kilos na paglapit sa kabataan at mga school board. Para sa karagdagang impormasyon sa paglahok, pakikontak ang [economicantiblackracism@brampton.ca](mailto:economicantiblackracism@brampton.ca).

### **Mga Quote**

“Ang komunidad ng mga Black sa Brampton ay nakagawa ng marami para ang bansang ito ay maging kultural na diverse, mapagmalasakit at maunlad na bansa na ito ngayon. Ipinagmamalaki nating ihandog ang isang buwan na habang kalendaryo ng mga event na kumikilala at nagdiriwang sa Buwan ng Kasaysayan ng mga Black. Sa paglahok sa mahalagang mga pag-uusap at mga pinlanong aktibidad, nagsisikap kami na i-highlight ang mahalagang mga kontribusyon ng mga kasapi ng komunidad ng mga Black sa ating komunidad, nagbuu ng mas nagsasali sa lahat na lungsod.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga komunidad ng Black African at Caribbean communities sa buong Lungsod ay napakalaki ng naiambag sa masiglang kultural na pagkakaiba-iba sa ating Lungsod at sa lokal na ekonomiya. Bilang unang Black na babae na napili sa Konseho ng Lungsod ng Brampton, ipinagmamalaki ko ang sumali sa mga kasamahan sa Konseho at sa mga staff sa pangunguna sa daan para kilalanin ang Buwan ng Kasaysayan ng mga Black sa makahulugang mga paraan. Magkasama, kinikilala natin ang maraming kontribusyon ng mga kasapi ng komunidad sa kwento ng Brampton, nakalipas at sa kasalukuyan, na nagbibigay daan para sa susunod na henerasyon na mga lider ng komunidad.”

– *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang mosaic, at sa pagkilala at pagdiriwang sa Buwan ng Kasaysayan ng mga Black, kinikilala natin ang pagkakaiba-iba ng mga kasapi ng lungsod, Ang kasaysayan ng mga Black ay kasaysayan ng mundo. Ito ay isang makapangyarihan at mayamang kasaysayan na nag-ugat sa tagumpay, inobasyon, kultura, at sangkatauhan. Sa buwan na ito, gumugugol tayo ng panahon para magnilay-nilay at mapasigla sa mga kwento, mga legacy ng mga dumating na nauna sa atin – umaasa na iyan ay magbibigay ng higit na pakiramdam ng pagkakaisa, paggalang, at commitment na gawin ang ating parte sa pagtulon na bumuo ng mas pantay, patas, at nagsasali sa lahat na bansa.”

– *Gwyneth Chapman, Senior Advisor Economic Empowerment and Anti-Black Racism Unit, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga event sa Buwan ng Kasaysayan ng mga Black sa taon na ito ay nagmamalaking kilalanin at ipagdiwang ang komunidad ng mga Black sa Brampton, at ang mahalagang kontribusyon nito sa pagkakaiba-iba ng kultura ng ating lungsod. Ang mga birtwal na event at mga aktibidad na pinlano sa buong buwan ay pagkakataon na makilahok sa mga pangkat na diverse sa buong lungsod, suportahan ang mga pangkulturang event, at mas matuto pa tungkol sa ating masiglang komunidad ng mga Black. Iniimbitahan namin ang lahat na makilahok sa maraming hanay ng mga event na pinlano sa buong buwan.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)